

BC PharmaCare

Mga serbisyo ng pharmacy

Maraming pharmacy services ang mababayaran sa tulong ng BC PharmaCare sa B.C. residents.

Assessments ng pharmacist sa mga maliliit na karamdaman

Maaaseso at makakapagrekomenda ang B.C. Pharmacists ng mga treatment para sa iba't-ibang maliliit na karamdaman. Maaari silang magreseta ng gamot kapag kinakailangan. Tingnan ang pahina 2 para makita ang listahan ng mga maliliit na karamdamang maaaring asesuhin ng mga pharmacist.

Ang serbisyong ito ay libre para sa bawat B.C. resident na may Personal Health Number. Ang iyong Personal Health Number ay mahahanap sa iyong driver's licence, BC Services Card, o CareCard.

Makakuha ng karagdagang impormasyon at mag-book ng appointment sa www.gov.bc.ca/SeeAPharmacist

Contraception

Maaaring mag-aseso at magreseta ng contraceptives ang pharmacists. Bagamat ang pharmacist ay makapagbibigay ng mga IUD at implants, kailangan mong mag-appointment sa isang doktor o clinic para ipasok ito. Maraming klaseng contraceptives ang makukuha nang libre sa B.C. Bisitahin ang www.gov.bc.ca/contraceptives para sa karagdagang impormasyon

Ang serbisyong ito ay libre para sa bawat B.C. resident na may Personal Health Number. Ang iyong Personal Health Number ay mahahanap sa iyong driver's licence, BC Services Card, o CareCard.

Pag-adapt ng mga de-resetang gamot

Maaaring i-adapt ng pharmacists ang karamihan ng mga de-resetang gamot. Ibig sabihin nito'y maaari nilang:

- I-renew ang karamihan ng mga reseta kapag naubos mo na sila. Dapat ay 6 na buwan ka nang nasa gamot nang hindi ka nagkaproblema. Ang reseta ay dapat isinulat sa loob ng 2 taon, at ang táong nagreseta ay dapat nagprapraktis pa rin sa B.C.
- Palitan ang dosis, formulation, o regimen ng reseta—halimbawa, gumamit ng liquid sa halip na isang pill, o palitan ang mga oras kung kailan mo sila iniinom
- I-substitute ang gamot at palitan ito ng isang katulad na gamot—halimbawa, ilipat ka sa isang gamot na sakop ng PharmaCare

Isasaalang-alang ng pharmacist ang kasaysayan ng iyong kalusugan at gamot bago niya i-adapt ang reseta. Hindi nila maaaring i-adapt ang lahat ng mga de-resetang gamot.

Ang serbisyong ito ay libre para sa bawat B.C. resident na may Personal Health Number. Ang iyong Personal Health Number ay mahahanap sa iyong driver's licence, BC Services Card, o CareCard.

Pag-dispense ng gamot at supplies

Ang mga botika ay sumisingil ng fee para mag-dispense ng de-resetang gamot. Mainam kung ikukumpara mo ang fees ng iba't-ibang mga botika kung binabayaran mo ang buo o bahagi ng fee.

Kung sakop ka ng isa sa 100%-paid plans (Plans C, W, G, F, Z) ng PharmaCare, o kung umabot ka na sa iyong Fair PharmaCare family maximum, babayaran ng PharmaCare ang buong full dispensing fee para sa anumang sakop na gamot.



Hindi ka ba rehistrado para sa Fair PharmaCare? Ito'y libre. Bisitahin ang www.gov.bc.ca/ahdc para sa karagdagang impormasyon.more.

Mga gamot na iniiniksyon

Maraming mga bakuna at gamot ang maaaring iniksyunin ng mga pharmacist. Wala kang babayaran para sa anumang publicly funded vaccines, tulad ng COVID at flu vaccines, kung ikaw ay kwalipikado. Maaaring magbigay ang mga pharmacist ng mga iniksyon ng ibang vaccines at mga gamot na inireseta sa iyo; ito’y libre pero maaaring kailangan mong magbayad para sa gamot. Kailangan mong magbayad para sa mga iniksyon ng mga insulins, molecular weight heparins, at iba pang mga produktong dinisenyo para sa self-injection. Kailangan mo ring magbayad para sa mga iniksyon ng allergy serums, substances para sa cosmetic use, at vaccines kapag magbibiyaha.

Mga Medication Review (Review ng mga gamot)

Kung kumuha ka ng 5 o higit pang mga de-resetang gamot sa nakaraang 6 na buwan, maaari mong hilingin ang isang pharmacist na gumawa ng medication review. Kung sa palagay mo’y naaangkop para sa iyo ang isang review ng mga gamot, makikipagkita siya sa iyo nang personal nang:

- Pag-usapan kung paano pinakamainam na iinumang ang mga gamot
- Makagawa ng isang take-home na listahan ng lahat ng mga gamot nan iniinom mo, kabilang na ang mga hindi de-resetang gamot
- Makagawa ng isang medication management plan

Maaari kang humingi ng 1 review bawat 6 na buwan, at 4 na follow-up reviews bawat taon.

Ang serbisyon ito ay libre para sa bawat B.C. resident na may Personal Health Number. Ang iyong Personal Health Number ay mahahanap sa iyong driver’s licence, BC Services Card, o CareCard.

Mga maliliit na karamdamang maaaseso ng mga pharmacist

Maaari kang asesuhin ng isang pharmacist at maaari siyang magreseta o magrekomenda ng mga treatment para sa mga kondisyon na ito:

- | | | |
|---|--|---|
| • tagihawat (banayad) | • hives o kumakating balat, kabilang na ang mula sa mga kagat ng hayop (urticaria) | • shingles |
| • mga allergy at hay fever | • impetigo | • skin rash (dermatitis) |
| • mga singaw (oral ulcers) | • empato | • strains at sprains (musculoskeletal pain) |
| • cold sores | • pananakit ng regla / dysmenorrhea | • Thrush (oral fungal infection) |
| • fungal infections | • nicotine dependence | • urinary tract infection / UTI (uncomplicated) |
| • pananakit ng ulo | • pink eye / conjunctivitis | • vaginal yeast infection |
| • pangangasim ng sikmura (heartburn) (GERD) | • pinworms at threadworms | |
| • almuranas | | |

Karagdagang impormasyon

Kausapin ang isang pharmacist tungkol sa alinman sa mga serbisyon ito, o tawagan kami Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 8 pm at Sabado 8 am hanggang 4 pm.

- Mula sa Lower Mainland: 604-683-7151
- Mula sa ibang bahagi ng B.C., toll-free: 1-800-663-7100

Online resources

Magbasa ng karagdagang impormasyon tungkol sa pharmacy services sa www.gov.bc.ca/pharmacyservices

Mga detalye at self-assessment: www.gov.bc.ca/seeapharmacist

Mga sakop na contraceptives: www.gov.bc.ca/contraceptives